Catholic Regional College St Albans

Mahal na mga Estudyante, Pamilya at Kawani,

*Melbourne Archdiocese Catholic Schools School Improvement Surveys (MACSSIS): 2 Setyembre – 20 Setyembre 2024.*

Sa loob ng bawat taon, naglalaan tayo ng panahon para makinig sa ating mga estudyante, pamilya at kawani upang suriin ang mga kaganapan sa ating learning community. Ang feedback na ito ay napakahalaga sa pag-unlad natin bilang epektibong komunidad ng mga paaralan, at batay ito sa evidence-based research at sa pinakamahusay na mga kasanayan.

Isa sa mahalaga at pormal na paraan kung paano tayo kumukolekta at nagtitipon ng datos ay ang **MACSSIS**, ang Melbourne Archdiocese Catholic Schools School Improvement Surveys.

Ang MACSIS ay isang hanay ng mga survey na partikular na ginawa para sa mga paaralang Katoliko sa Melbourne, ng mga pangkat mula sa Learning Services ng MACS, sa tulong ng mga mananaliksik mula sa Learning First, matapos ang malawakang konsultasyon sa mga prinsipal ng ating mga paaralan.

Ngayong 2024, ang ating mga estudyante, pamilya at kawani ay inaanyayahang lumahok sa MACSSIS gamit ang ating ligtas at purpose-built na online platform. Ang online platform na ito ay gagamitin ng mga opisyal ng paaralan upang i-access ang mga kabuurang ulat na naglalarawan sa mga resulta ng mga survey tungkol sa mga estudyante, pamilya at kawani.

Ang MACSSIS survey platform ay pinapangasiwaan ng isang malayang tagapagtustos, ang ORIMA Research Pty Ltd. Ang platform na ito ay may mataas na seguridad at privacy standards sa pamamahala ng datos ng mga estudyante at ng paaralan. Kasalukuyang binabago ng mga kalahok na paaralan ang kanilang mga privacy policy upang siguraduhin na ang mga komunidad ng mga paaralan ay lubos na may alam at protektado.

Isasagawa ang survey sa mga estudyante ng ating paaralan sa pamamagitan ng supervised sessions, kung saan ang mga guro ay handang tumulong at sumagot sa anumang mga katanungan. Ang mga pamilya at kawani ay maaaring sumagot sa survey anumang oras sa loob ng tatlong linggo sa pamamagitan ng link at password na ipapadala sa email. Ayon sa mga feedback, ang mga nakaraang survey ay sinagutan gamit ang iba't-ibang mobile devices at web browsers. Sa Term 2 at 3, magbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa MACSIS ang mga paaralan sa pamamagitan ng mga newsletter at social media.

*Ang opinyon ng ating komunidad ay mahalaga sa pag-unawa ng kung paano isinasakatuparan ng ating paaralan ang kanyang tungkulin. Ang MACSIS ay isa sa mga pinakamahalagang pinagkukuhanan ng datos para gabayan at itaguyod ang patuloy na pagpapabuti ng ating paaralan.*

**Lahat ay inaanyayahan at hinihikayat na lumahok at ang paglahok ay 100% boluntaryo.** Ang mga survey ay hindi pagsusulit; isa itong inklusibong paraan upang itaguyod ang patuloy na pagpapabuti ng ating paaralan. Lahat ay may karapatang tumangging lumahok o bawiin ang paglahok sa survey sa kahit anong oras bago, sa kalagitnaan o pagkatapos sagutan ang survey. Ipaalam sa paaralan kung ayaw lumahok ng inyong anak.


PO Box 252 St Albans Victoria 3021
10 Theodore Street St Albans Victoria 3021
t 03 9366 2544 f 03 9366 5034
e principal@crcstalbans.catholic.edu.au
w www.crcstalbans.catholic.edu.au
ABN 99 438 951 490

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa paaralan.

Lubos na gumagalang,

Prinsipal